# HABAKUK



Si Propeta Habakuk ang unang nangahas na papanagutin ang Diyos. Maraming dantaon nang ipinangangaral ng pananampalataya na naggagawad nga ng katarungan si Yawe. Pero hindi laging malinaw ang katarungang ito. Matapos ang pagsasawalang-imik ng marami tungkol sa kanilang mga duda, si Habakuk ang unang manunulat sa Biblia na malakas ang loob na nagtatanong: Bakit pinababayaan ni Yawe na magtagumpay ang pang-aapi? Pinarurusahan nga niya ang nang-aapi, pero di ba't pinapalitan din naman niya ng ibang mas masahol pa?

Doble ang sagot dito:

– Iiingatan ni Yawe ang sekreto ng paraan ng kanyang paghahari sa daigdig at ang hinihingi lamang niya ay manatili tayong tapat: *mabubuhay ang matuwid dahil sa kanyang katapatan.*

– Pinagmamasdan ng propeta ang Luwalhati ni Yawe na siyang maghuhukom sa katapusan.

Mga taong 605-600 nang bigkasin ni Habakuk ang kanyang mga propesiya habang patuloy na nagiging makapangyarihan si Nabucodonosor at nangungulimbat sa Israel matapos wasakin ang malupit na Asiria.

**Bakit mo ipinakikita sa akin ang kawalang-katarungan?**

**1** • 1 Ito ang mga salita at pangitain ni
Habakuk, ang propeta: 2 Yawe, hang-
gang kailan ako pasasaklolo at hindi mo
pakikinggan? Nagsusumbong ng karaha-
san at di ka nagliligtas.
3 Bakit mo ipinakikita sa akin ang ka-
walang-katarungan at dapat kong masak-
sihan ang pang-aapi? Karahasan lamang
at pangangamkam ang nasa harap ko,
pag-aaway at pagtatalo.
4 Walang magawa ang Batas at wala
nang hatol na makatarungan. Dinadaig ng
masama ang matuwid at walang nakikita
kundi baluktot na katwiran.

**Unang sagot**

5 Magmasid kayo at tumingin, mga taksil;
mamangha at manggilalas pagkat gagawa ako
sa inyong panahon ng di ninyo mapaniniwalaan,
sabihin man sa inyo.
6 Ibabangon ko ang mga Kaldeo, ang naka-
tatakot at mababalasik na bayang nanalakay sa
dulo ng daigdig para kamkamin ang mga lupain
ng iba. 7 Kakila-kilabot at mapanganib na mga
taong walang ibang batas kundi sariling kaloo-
ban. 8 Mas matulin pa kaysa leopardo ang kani-
lang mga kabayo, mas mabangis pa sila kaysa
mga asong-gubat. Dumarating na galing sa
malayo at parang agilang nandadagit ng
biktima ang mga mangangabayo.
9 Parang hanging-disyerto ang kanilang
pagsalakay at sindami ng buhangin ang dinada-
kot nilang bihag. 10 Ginagawa nilang katawa-
tawa ang mga hari at nililibak nila ang mga

---

• **1.**1 Dalawang reklamo ng propeta at dalawang sagot ng Diyos:

– 1:1-4. Unang reklamo: Bakit napakaraming kasamaan sa Juda?

– 1:5-11. Baligtad na sagot ng Diyos: Hindi magtatagal at ibabalik ng mga Kaldeo ang kaayusan sa pamamagitan ng paglusob nila at pangungulimbat ng lahat.

– 1:12-16. Ikalawang reklamo: Bakit gumagamit si Yawe ng ganitong mga paraan gaya ng pananakop ng mga Kaldeo para isakatuparan ang kanyang katarungan?

– 2:1-4. Sagot ni Yawe: Mapatutunayan balang araw na hindi pareho ang trato sa mabuti at sa masama. Maliligtas ang nananatiling tapat.

pinuno. Pinagtatawanan nila ang mga kuta;
nagtatayo nga sila ng pader at sinasakop ito.
11 Dumarating sila at umaalis na parang hangin.
Lakas nila ang kanilang diyos.

**Ikalawang reklamo ng propeta**

12 At hindi ka ba buhat sa simula, O Yaweng aking Diyos na Banal na hindi mamamatay? Itinatag mo ang bansang ito upang isagawa ang iyong katarungan at pinatatag silang tulad ng bato upang isakatuparan ang iyong parusa.

13 Yawe, napakalinis ng mga mata mo para tumingin sa kasamaan at masdan ang pang-aapi. Ngunit ba't mo natitiis na tingnan ang taksil at tumingin habang nilalamon ng masama ang mas mabuti sa kanya?

14 Tinatrato mo ang mga tao na parang isda
sa dagat, parang gumagapang na hayop na di
pinakikialaman ninuman. 15 Binibingwit ng mga
ito ang lahat at hinahatak ng lambat. 16 At saka
galak na galak at tuwang-tuwa silang nagha-
handog at nagsusunog ng insenso sa kanilang
lambat dahil ito ang nagbibigay sa kanila ng
masaganang pagkain. 17 Magpapatuloy ba sila
sa pag-aalis ng laman ng kanilang lambat at
walang awang pagpatay sa mga bansa?

**Ikalawang sagot: Mabubuhay ang matuwid sa kanyang katapatan**

2 • 1 Tatayo ako sa aking bantayan, at pupuwesto sa aking tanggulan, para makita kung ano ang sinasabi niya at kung ano ang sagot sa aking pagtatanong.

2 Sumagot nga si Yawe at sinabi niya:
Isulat mo ang pangitain,
isulat sa mga tapyas na bato para madaling mabasa.

3 Sapagkat ito'y pangitain para sa isang takdang panahon. Tiyak na matutupad ito, at di mabibigo. Hintayin ito kapag nabalam sapagkat tiyak na darating at di ipagpapaliban.

4 Hinding-hindi magkakapit ng aking pagpapala ang palalo, ngunit mabubuhay ang matuwid dahil sa kanyang katapatan.

5 Laging nananagpang ang manlulupig. Pinaluluwang niya ang kanyang bibig gaya ng lugar ng mga patay, walang kabusugang tulad ng kamatayan. Kinakamkam niya ang lahat ng bansa at kinakanya ang lahat ng bayan.

6 Ngunit hindi kaya siya lilibakin ng lahat ng bayan at pagtatawanan sa pag-awit? Sasabihin nila:

**Laban sa maniniil**

• Kawawa ang nangangamkam ng hindi kanya at nang-iilit ng mga sanla.
7 Biglang darating ang mga pinagkakautangan mo,
magigising ang mga maniningil at sasamsamin ang lahat mong ari-arian.
8 Pagkat nangulimbat ka sa maraming bansa, nagpadanak ng dugo at winasak ang mga lupain, ang kanilang mga siyudad at mga tagaroon, babaling din sa iyo lahat ng nalabing bansa.
9 Kawawa ang nagtatayo ng bahay sa nakaw na tubo, at naglalagay ng kanyang pugad sa itaas sa pag-aakalang matatakasan niya ang kapahamakan.
10 Kinusa mo ang kahihiyan ng sariling sambahayan, ikaw ang pupuksa sa iyong
sarili. 11 Mismong mga bato ng pader mo

---

• **2**.1 Mahiwaga pa rin ang mga sagot ng Diyos. Saka lamang maliwanag na ipaaalam ng Diyos kung paano niya ginagantimpalaan sa kabilang-buhay ang mga matuwid. Pero bago sumapit ang sandaling iyon, mahirap liwanagin ang misteryong ito: waring ang lahat ay pare-parehong naaapektuhan ng mga kapahamakang ipinahayag bilang parusa ng Diyos. Pagkatapos ni Habakuk, ganito rin ang itatanong ni Jeremias (Jer 12:1); sisikapin namang patotohanan ni Ezekiel sa harap ng kanyang mga kasamahang di makapaniwala, na ukol sa bawat isa ang katarungan ni Yawe (Ez 18); hahanapin ng Aklat ni Job ang sagot, pero hindi ang buong sagot ang ibibigay dito.

• 6. Ipinagpapauna ni Habakuk ang kapalaran ng manlulupig na pansamantalang mananakot sa daigdig. Agad namang isinusunod ang limang sumpa laban sa Kaldeong nagtatagumpay:

– Ang unang tatlo: kinulimbat at pinagsamantalahan ng Kaldeo ang mga bayang di gaanong malakas at mayaman.

– Ang ikapat: hiniya sila ng Kaldeo, gaya ng sinumang lumalasing sa kanyang kapwa.

– Ang ikalima: sa kabila ng kanyang mga tagumpay, hindi makakamit ng Kaldeo ang pinakamahalaga, ang pagkakilala kay Yawe.

Ang matagumpay na pagpapahayag ni Yawe sa sumusunod na kabanata ay sinisimulan sa huling berso: *Buhay si Yawe sa kanyang banal na Templo. Manahimik sa harap niya ang sangkalupaan!*

ang sumisigaw at sumasagot naman
buhat sa bubungan ang mga biga.
12 Kawawa ang nagtatayo ng lunsod sa
dugo at nagtatatag ng bayan sa krimen.
13 Di ba't niloob ni Yawe ng mga Hukbo na
magtrabaho ang mga bayan para lamang
sa apoy, at magpakapagod ang mga
bansa para sa wala?

14 (Pagkat lalaganap sa lupa ang luwalhati ni
Yawe gaya ng pagkapuno ng dagat.)
15 Kawawa ang nagpapainom sa kanyang
mga kapwa hanggang sa malasing ang mga ito
para makita silang hubad. 16 Kahihiyan, hindi
karangalan, ang tatamuhin mo. Maglalasing ka
rin at maghuhubo. Pipihit ang baso sa kamay ni
Yawe, at bubuhusan ng kahihiyan ang iyong
karangalan.
17 Babagsak sa iyo ang karahasang ginawa
mo sa Lebanon at sasagpangin ka ng mga
hayop pagkat pinatay mo ang mga tao, winasak
ang lupain at ang mga lunsod niyon at nilipol ang
lahat ng naroon.
18 Ano'ng silbi ng estatwa at bakit ito nililok ng
eskultor? Bakit may mga imahen at madada-
yang sagot? Bakit sila pinananaligan ng mga
gumagawa ng mga diyus-diyusang pipi? 19 Ka-
wawa ang kumakausap sa isang pirasong ka-
hoy: "Gumising ka," at sa isang piping bato:
"Magbangon ka." Makasasagot ba iyon? Balot
iyon ng ginto at pilak, at walang hininga sa loob.
20 Ngunit buhay si Yawe sa kanyang banal na
Templo. Manahimik sa harap niya ang sang-
kalupaan!

**Panalangin ni Habakuk**

**3** • 1 *Panalangin ni Propeta Habakuk. Sa
himig na panluksa.*
2 Yawe, narinig ko ang iyong katanyagan at
humanga ako sa iyong gawa, O Yawe. Ipagpatu-
loy ito sa mga taon at ipaalam sa mga araw na
ito. Alalahanin mo ang iyong awa sa gitna ng
iyong galit.

3 Dumarating ang Diyos mula sa Teman,
ang Banal mula sa Bundok Paran.
Balot ng kanyang luwalhati ang langit,
puno ng papuri sa kanya ang lupa.
4 Parang liwanag ng araw ang kanyang ningning,
kumikislap ang sinag mula sa kanyang kamay,
nagniningning sa nakatago niyang kapangyarihan.
5 Salot ang nasa unahan niya,
peste naman ang kasunod niya.
6 Yumayanig ang lupa sa kanyang pagtindig,
nangangatal ang mga bansa sa kanyang pagtitig.
Nadudurog ang matatandang bundok,
gumuguho ang matatandang gulod.
7 Nakita ko ang pagkabagabag ng mga tolda ng Kusan,
ang pagkaligalig ng mga kulandong ng Madian.
8 Galit ka ba sa mga ilog, Yawe,
napopoot ka ba sa dagat kaya pinatakbo mo ang mga kabayo mo
at ang iyong mga karwaheng mahirap lupigin?
9 Inihanda mo ang iyong pana,
at pinuno ng mga palaso.
Biniyak mo sa mga ilog ang lupa.
10 Namilipit ang mga bundok sa titig mo,
dumaluhong ang baha, dumagundong ang kalaliman,
nagngalit ang mga alon.

11 Di nakagalaw ang araw at buwan
sa kislap ng palaso mong nagliliparan
at sa kidlat ng makinang mong sibat.
12 Nilakad mo ang lupa sa galit,
at tinapakan ang mga bansa sa poot.
13 Lumabas ka para iligtas ang iyong bayan
at tubusin ang iyong pinahiran.
Dinurog mo ang ulo ng kasamaan
at hinubaran mula ulo hanggang paa.
14 Tinuhog mo ng sibat ang kanyang mga mandirigma,
na dumating sa balak na pangalatin kami
at malayang sagpangin ang sawimpalad.
15 Nilakad mong sakay ng mga kabayo ang dagat
at tinuntungan ang malalaking alon.
16 Narinig ko, at lumakas ang tibok ng aking puso,

---

• **3.1** Nananawagan ang propeta kay Yawe, naninikluhod sa kanya na ipakita ang kanyang sarili. At saka nito inilalarawan ang matagumpay niyang pagdating sa pamamagitan ng isang serye ng mga matulaing larawan na gumugunita sa mga pamamagitan niya noon sa kasaysayan ng Israel: ang pagtawid sa Dagat ng Mga Tambo, ang Sinai, ang tagumpay ni Debora.

*Panatag kong hinihintay ang araw ng parusa:* tingnan ang Is 8:11. *At patuloy akong magbubunyi sa Diyos na aking Tagapagligtas:* nasa Awit ni Maria (Lc 1:47) ang mga salitang ito. Sa gitna ng krisis at dalamhati, *naglalakad sa kaitaasan* ang matuwid.

nanginig ang aking mga labi, nabulok ang aking mga buto,
nanginig ang aking mga binti.
Ngunit hinihintay kong may pag-asa ang araw ng kapighatian,
sa pagharap ng bayan ko sa sumasalakay sa amin.
[17] Sapagkat hindi man mamulaklak ang mga igos,
at di mamunga ang mga ubas,
magkulang man ang aning olibo,
wala mang anihin sa mga bukid,
mawalan man ng tupa sa pastulan
at ng baka sa kulungan,
[18] gayunma'y kay Yawe ako magagalak,
sa Diyos kong Tagapagligtas liligaya.
[19] Si Yaweng Panginoon ang aking lakas,
mga paa ko'y ginagawang simbilis ng usa,
at pinalalakad ako sa kaitaasan.

*Para sa punong mang-aawit, sa saliw ng de-kuwerdas na mga panugtog.*

# SOFONIAS



Mga taong 630, binasag ng tinig ni Sofonias ang katahimikan pagkaraan ng pitumpung taong hindi naririnig ang salita ng Diyos. Mga taong 690 nang matapos ni Isaias ang kanyang misyon, at pagkatapos niyon, mahigit sa limampung taon ng pag-uusig sa ilalim ng paghahari ni Manases ang dinanas ng mga sumasampalatayang taga-Juda.

**1** [1] Narito ang salita ni Yawe na dumating
kay Sofonias na anak ni Kusi, na anak ni
Gedalias na anak ni Amarias na anak ni Ezekias,
sa paghahari sa Juda ni Yosias na anak ni Amon.
[2] "Malapit ko nang alisin sa lupa ang lahat,
sabi ni Yawe. [3] Aalisin ko ang mga tao at mga
hayop, aalisin ko ang mga ibon sa langit at ang
mga isda sa dagat (at ang kasamaan kasama
ang masasama). Aalisin ko ang mga tao sa balat
ng lupa – salita ni Yawe. [4] Iuunat ko ang aking
kamay laban sa Juda at sa mga nasa Jerusalem,
at papawiin ko ang nalabing Baal maging ang
mga pangalan ng mga paring pagano. [5] Papa-
wiin ko ang mga yumuyuko sa mga terasa sa
pagsamba sa hukbo ng mga bituin, at ang mga
kapwa bumabanggit kina Yawe at Milkom, [6] at
ang mga tumatalikod din kay Yawe na di huma-
hanap at di sumasangguni sa kanya.
[7] Tahimik! Parating na si Yaweng Panginoon;
malapit na ang kanyang araw. Inihanda ni Yawe
ang isang pag-aalay at ibinukod ang mga inan-
yayahan niya. [8] Sa araw ng pag-aalay ni Yawe,
parurusahan ko ang mga pinuno, ang mga anak
ng hari at lahat ng nakadamit na sunod sa
banyagang moda. [9] Parurusahan ko ang mga
lumulundag sa pintuan, at parurusahan din ang
mga nagpupuno sa Bahay ng kanilang Pangi-
noon ng dahas at pandaraya.
[10] Sa araw na iyon, sabi ni Yawe, may siga-
wan sa Pintuan ng Mga Isda, may hiyawan sa
bagong siyudad at nagkakaingay sa gawi ng
mga burol.
[11] Managhoy kayo, mga tagalambak, sapag-
kat nilipol na ang pangkat ng mga negosyante,
inalis ang lahat ng nagtitimbang ng pilak.
[12] Sa panahong iyon sisiyasatin ko ang Jeru-
salem nang may mga ilawan at parurusahan ko
ang mga taong di magbabago na nag-iisip na:
'Wala namang nagagawang mabuti o masama
si Yawe.' [13] Sasamsamin ang kanilang kaya-
manan, mawawasak ang kanilang mga bahay.
Makapagtayo man sila ng mga bahay, hindi
naman nila titirhan ang mga iyon; at makapag-
tanim man sila ng mga ubas hindi naman nila
maiinom ang alak.